

Publicato su: **Ako ay Pilipino**, Year II, n. 13, 15 October 2004,
newspaper for Filipino community in Italy.
Editorial office: Via Maroso, 50, 00142 Roma.

Si Vasco Caini at ang Noli Me Tangere

Taong 2003, isinalin ni Mr. Vasco Caini sa salitang Italyano ang librong Noli me Tangere na nagmulat sa isipan at nagpalaya sa mga Pilipino noong unang panahon. Isinalin din niya ang dalawa pang libro na isinulat ni Dr. Josè Rizal na kung saan at available na sa internet at press.

"Nagustuhan ko ang buhay ni Rizal at talagang interesting. Dalawang beses na akong nakapunta sa inyong bansa.

Ang ganda ganda! Nabasa ko ang mga librong sinulat ni niya at ito ay traslated sa iba't-ibang wika tulang ng french, english, spanish etc ngunit walang traslation ng Italian, Kaya't naisip kong isalin ito. Sana nga magustuhan ito ng mga Italians. Si Rizal kasi ay di kilala kahit na may rebulto siya sa Pzza. Manila sa Roma.

Ang objective ko is ipakilala siya sa Italya bilang tunay na bayani ng bansang Pilipinas".

Ang mga librong isinalin ni Mr. Vasco Caini ay makikita sa <http://art.supereva.it/vcaini>.



ni Analiza Bueno Magsino